Republic of the Philippines
**Department of Education**
DepED Complex, Meralco Avenue, Pasig City

SEP 11 2009

DepED MEMORANDUM
No. 388 , s. 2009

NATIONWIDE STORYTELLING FOR PEACE

To: Bureau Directors
Directors of Services/Centers and Heads of Units
Regional Directors
Schools Division/City Superintendents
Heads, Public and Private Elementary Schools

1. One of the concrete ways by which education can promote a culture of peace is by teaching young and old people creative and non-violent ways of resolving conflict. Another one is by impressing on young minds the idea that it is just all right for people to be different and that we can live in peace if we learn to respect our individual differences and preferences.

2. One way of capturing these lessons is through stories. Stories allow us to examine our attitudes and prejudices on a symbolic level and help us to focus on the similarities, rather than on our differences. It is also a creative and powerful way to increase consciousness and understanding of young minds. With the help of an engaging storyteller, children will begin to appreciate values embedded in stories.

3. Dubbed as *Kwentong Pangkapayapaan: "Mga Kwentong Binasa Mo, Natutunan ng Puso",* this storytelling campaign for peace focuses on promoting a culture of peace among the youth. Specifically, it aims to:

a. help remove biases and prejudices against our fellow Filipinos in Mindanao;
b. increase awareness and appreciation of creative and non-violent ways of resolving conflict; and
c. engage students to think how they can help build peace.

4. Teachers are expected to conduct storytelling in their classes simultaneously nationwide on September 28, 2009 using the enclosed stories or any other peace-oriented tales. This could be done during their English, Filipino or Edukasyong Pagpapakatao subjects. Further, they are encouraged to come up with lessons integrating peace concepts and values using culturally-fit peace-oriented stories, and regularly incorporate these into their lessons. This is in support to the promotion of Executive Order No. 570 entitled ***"Institutionalizing Peace Education in Basic Education and Teacher Education".*** The following are sample stories that could be used by teachers in their lessons:

a. Bakit Malungkot si Wahida?
b. Ang Dalawang Haring Siga
c. Ang Magkapatid
d. The Two Kings Who Were Too Proud

5. In the absence of designated Region and Division Peace Education Coordinators, the English Supervisors will coordinate all activities in relation to peace education. All other supervisors and school heads are encouraged to help monitor and supervise related activities.

6. A report of activities using the enclosed format will be submitted to the Division and the Division Coordinator will submit a consolidated report to the region. The Regional Coordinator will consolidate a regionwide report and will send a copy to DepED Central Office addressed to the Director of the Bureau of Elementary Education (BEE), 2nd Floor, Bonifacio Bldg., DepED Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Attention: **Mrs. Simeona T. Ebol**, Chief, Curriculum Development Division-Bureau of Elementary Education (CDD-BEE).

7. Immediate and wide dissemination of this Memorandum is desired.

**JESLI A. LAPUS**
Secretary

Encls.:
As stated

Reference:
None

Allotment: 1- -(D.O. 50-97)

To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

CONTESTS
PEACE EDUCATION
TEACHERS

Madel:c:Storytelling for peace corrected
9-09-09

(Enclosure No. 1 to DepED Memorandum No. 388, s. 2009)




**KWENTONG PANGKAPAYAPAAN:**

*"Mga kwentong binasa mo natutunan ng puso."*

***Nationwide Storytelling for Peace***

September 28, 2009

Aralin : FILIPINO (Pagbasa) o Values Education

Baitang : 5-6

Mensahe : Mga katangian ng mabuting kaibigan: matulungin, mapagbigay, maalalahanin, mapagpatawad;

Makakamit ang pagkakaisa at kapayapaan kung tatanggapin natin ang ating pagkakaiba (sa relihiyon, kultura, estado sa buhay, o kung ano pa man).

Layunin : Pataasin ang pagpapahalaga sa mga katangian ng malawak na pag-unawa, pagpapatawad, at pagtanggap sa kapwa sa kabila ng kanilang kaibahan.

Pagtatanggal ng mga maling pagkilala sa mga Muslim at mga Katutubo.

Kagamitan : Kwentong pangkapayapaan
(maaring gamitin ang kwentong, Bakit Malungkot si Wahida? O anumang kwentong angkop.)

Drawing ng Puno sa isang cartolina o manila paper

Cut out ng prutas (na may puwang para sulatan)

Masking tape

Cassette/CD Player at tugtog na tungkol sa kapayapaan (kung meron)

Pamamaraan :

Ihanda ang mga bata sa babasahing kwento. Maaring tanungin muna ang mga bata kung sino ang kanilang matalik o malapit na kaibigan. Papag-isipin din sila ng 2-3 katangian na gusto nila sa kanilang kaibigan. Hayaang magbahagi ang ilan sa kanila.

Pagkatapos magsalita ng ilang bata, simulan na ang kwento tungkol kay Wahida at kung paanong nagkaroon sya ng maraming kaibigan.

## Bakit Malungkot si Wahida?

Kwento para sa kapayapaan ni:
*Emily T. Lambio ng Office of the Presidential Adviser on the Peace Process*

Unang araw ng klase sa Mababang Paaralan ng San Roque. Saan man pumaling ang iyong tingin, tiyak na makakakita ka ng kumpol-kumpol ng mga mag-aaral na maiingay. Tila sabik na sabik ang lahat magkwento ng ginawa nila noong nakaraang bakasyon. Mayroong nagbakasyon sa ibang lugar, natutong lumangoy sa beach, nanghuli ng mga gagamba sa probinsya, at naglaro ng walang kapaguran. Masigla at masayang masaya ang lahat maliban kay Wahida.

Si Wahida ang bagong estudyante sa Grade 4 class ni Ms. Ligaya. Sampung taong gulang sya. Maganda at maamo ang kanyang mukha, ngunit mababakas mo na may lungkot at pangamba sa kanyang mga mata. Siya at kanyang pamilya ay 'bakwit' sa siyudad ng Maynila. Nag-evacuate sila mula sa Mindanao upang takasan ang kaguluhan at gyera sa kanilang lugar. Tulad ng nakasanayan na nya sa ibang lugar na kanilang pinanggalingan, ang mga Muslim na kagaya nya ay pinan-iilagan. Iniisip ng iba na sila ay dapat katakutan gaya ng ibang Muslim na sangkot sa giyera. At dahil sa mga pangyayaring iyon, iniisip ni Wahida, *"Magkakaroon kaya ako ng kaibigan dito?"*

Ring. Ring. Ringgggg! Malakas na tunog ng bell and narinig sa buong paaralan. *"Naku, hayan na, umpisa na ng klase,"* bulong ni Wahida sa sarili. Puno ng kaba si Wahida habang naglalakad papasok sa pintuan ng kanilang silid-aralan. Buong sigla namang nagsipasok ang ibang mga bata sa kani-kanilang mga klase. Kanya-kanyang pili ng upuan malapit sa kani-kanilang barkada at 'di pa rin matapos-tapos ang mga kwentuhan.

Sa likuran ng klase umupo si Wahida. Katabi nya sa upuan si Jenny, isang batang madaldal at masayahin. Kinukwento nya sa mga katabi ang pamamasyal na ginawa nila nuong bakasyon. Tahimik lang si Wahida at laging nakayuko. Iniiwasan ang tingin ng kanyang mga kaklase. Dahil sa kanyang suot na tandong, alam nya na alam ng mga kaklase nya na sya ay isang Muslim. Balisa at hindi sya kumportable sa loob ng klase na sya lamang ang nag-iisang Muslim.

*"Good morning Class!"* Biglang tumahimik ang klase sa pagdating ng kanilang guro. *"Ako si Ms.Agnes Ligaya. Tawagin ninyo na lamang akong Ma'am Ligaya. Ako ang inyong magiging adviser at PE teacher."* Matamis ang mga ngiti ni Ms. Ligaya at malumanay ang kanyang tinig. Nabuhayan ng loob si Wahida. *"Mukha naman palang mabait ang aking guro".* Pansamantalang nakalimutan ni Wahida ang kanyang lungkot habang nakikinig sa kanyang bagong guro. Hindi na nya namalayan, nakalipas na pala ang dalawang oras. Maya-maya pa ay tumunog ng muli ang bell…ring...ring…ringgggg!

Recess na at dali-daling nagsilabasan ang mga bata dala-dala ang kani-kanilang baunan. Lumabas din si Wahida dala ang pabaon ng kanyang ina. Naghahanap sya ng bench na mauupuan ng biglang...kablag! Nadulas ang kanyang kaklase at tumilapon ang baunan nito. Dali-dali syang lumapit dito, inakay at inalalayang makaupo ang kaklase sa malapit na bench. Dinampot din ni Wahida ang tumilapon na laman ng baunan ng kaklase at iniabot dito.

*"Nasaktan ka ba, "* tanong ni Wahida. *"Di naman gaano, medyo masakit lang ang kanang binti ko. Salamat ha. Ako nga pala si Jenny. Ikaw, anong pangalan mo?" "Ako si Wahida,"* ang nahihiyang pagpapakilala ni Wahida.

*"A, Jenny nadumihan na ang sandwich mo. Gusto mo hati na lang tayo sa baon ko?"*

*"Ha? Naku, baka kulang pa yan sa 'yo Wahida, ok lang ako,"* ang nahihiyang sagot ni Jenny.

*"Hindi. Malaki naman itong tuna sandwich ko, pwedeng pwede tayong maghati."*

*"Ganun ba, sige, salamat ah."* Binigyan ni Jenny ng matamis nyang ngiti si Wahida at kinain ang bigay na sandwich. *"Wow! Ang sarap naman ng baon mo. Kung di sana tumapon ang baon ko, hahatian din kita ng masarap na ham sandwich na gawa ng Mommy ko,"* ang masayang bulalas ni Jenny.

*"Naku, salamat. Pero alam mo Jenny bawal kasi sa aming mga Muslim ang kumain ng karneng baboy."*

*"Ha? Ganun ba? Am, ok lang yun, masarap naman ang tuna sandwich mo."*

At napatawa si Wahida. Aliw na aliw sya sa kanyang bagong kakilalang masayahing bata. Natutuwa din sa kanya si Jenny. Si Wahida ang kauna-unahang Muslim na nakilala nya at natutuwa syang ito ay mabait at matulungin.

Maya-maya pa lamang ay nag-ring ng muli ang bell. Ring...ring...ringgggg! Kung nuong una ay kaba ang dala ng tunog ng bell para kay Wahida, ngayon ay tila nagbago na. Dahil sa kaklase nyang si Jenny, nagkaroon na ng sigla ang kanyang mukha.

Sa pagdaan ng mga araw, unti-unti silang naging malapit na magkaibigan. Sabay silang nagre-recess. Tuwing tanghali, nagpapasiklaban sila sa exhibition ng jackstone. Kung minsan naman, sumasali sila ni Jenny ng patentero. At kapag may libre naman silang oras, sabay nilang pinag-aaralan ang kanilang mga takdang-aralin. Dahil likas na mabait at matulungin si Wahida, dumami ng dumami ang kanyang mga kaibigan. Ngunit hindi lahat ng bata ay natutuwa sa kanya.

Minsan, habang oras ng recess, napagkatuwaan si Wahida ng dalawang batang siga sa kabilang section, si Jack at Kiko. *"Muslim, Muslim! Nakakatakot na Muslim. Bumalik ka na sa Mindanao. Ha! Ha! Ha!"*

Nangingilid ang luha ni Wahida, ngunit hindi sya nagsalita.

*"Muslim, Muslim! Bumalik ka na sa Mindanao,"* ang paulit-ulit na pangungutya nina Jack at Kiko.

Mababakas sa mukha ni Wahida ang labis na hiya at kalungkutan, ngunit muli, hindi siya kumibo.

*"Pwede ba tumigil na kayo? Nakakasakit na kayo ng damdamin. Mabait ang kaibigan kong si Wahida at hindi rin masama ang pagiging isang Muslim,"* ang mariing pagtatanggol ni Jenny sa kaibigan.

Naputol ang tagpong ito sa malakas na pag-ring ng bell. Tapos na ang recess. Ngunit sa pagtunog ng bell, muling nagbalik ang dating takot at pangamba ni Wahida.

Sa klase, lipad ang isip ni Wahida, halos hindi narinig ang announcement ni Ms. Ligaya. *"Class, magkakaroon ng paligsahan sa pagtakbo ang buong Grade 4 sa susunod na buwan. Gusto kong mag-insayo kayo ng mabuti. Pipili ako ng isang babae at lalaki sa ating klase."*

Makaraan ang dalawang linggo, pumili na si Ms. Ligaya ng kanilang ilalaban sa track and field. Laking gulat ni Wahida ng tawagin ang kanyang pangalan at ang kaklase nyang si Peter. Tuwang-tuwa para sa kanya ang kaibigan nyang si Jenny. Simula noon ay palagi na silang nag-iinsayo pagkatapos ng klase nila. Takbo dito, takbo doon, hanggang sa abutan na sila ng paglubog ng araw.

Ng araw na ng paligsahan, laking gulat ni Wahida ng malaman nya na kalaban pala nila si Jack sa track and field. Napansin ni Jenny ang pagbabago ng sigla ng kanyang kaibigan kaya tinawag nito ang mga kaklase at sabay-sabay silang nag-cheer para kay Wahida at Peter.

*Wahida! Peter! You're the best among the rest! You're the best among the rest! Yeeeeyyyy!*

*Biglang sumigla si Wahida na wari'y walang kabang nararamdaman.*Ngumiti siya at naghanda na sa pagtakbo. Naunang tumakbo si Peter. Ipapasa sa kanya ni Peter ang baton at sya naman ang tatakbo para tapusin ang laro. Iba naman ang diskarte ng kabilang klase kaya si Jack ang kasabay ni Wahida sa pagtakbo. Mas mabilis itong tumakbo sa kanya, mas mahahaba ang mga binti at malalaki ang hakbang nito. Mukhang matatalo sya nito. Pero determinado si Wahida, buo ang loob nito at alam niya sa puso't isipan niya na gusto nyang manalo.

Bigla-bigla pa ay nadapa si Jack. Bumagsak siya sa damuhan ng padapa at tila nasaktan ng husto. Dahil halos magkasunod lang sila, kitang-kita ni Wahida ang buong pangyayari. Tumigil din syang bigla at agad nilapitan ang nakadapa at namimilipit sa sakit na si Jack. Tinulungan nya itong makatihaya. Laking gulat ni Jack. Hindi niya inaasahan ang mukhang bubulaga sa kanya sa ganong kalagayan.

Natapos ang laro. Hindi nanalo ang section nina Wahida. Pero sa buong Grade 4 at sa buong eskwelahan, kinilala si Wahida bilang bayani, isang dakilang estudyante.

Paggaling ng pilay ni Jack, siya ay bumalik na sa klase. Nahihiya man ay pinuntahan nya si Wahida sa kanyang classroom. Recess nuon at naglalaro si Wahida at Jenny.

*"Wahida…a…a…salamat pala sa ginawa mo noong kabilang linggo. Hindi mo naman kailangang gawin 'yun. Pero salamat. Kahit hindi ako naging mabuti sa 'yo, tinulungan mo pa rin ako. Nahihiya tuloy ako sa 'yo."*

*"Wala 'yun. Ginawa ko lang ang dapat,"* ang nahihiyang sagot ni Wahida.

*"Tama si Jenny, mabait ka nga. Nagkamali ako, sorry."*

*"Kalimutan mo na 'yun. Pwede naman tayong maging magkaibigan," and nakangiting sagot ni Wahida.*

*"Oo nga! Basta magpakabait ka na ha at lagi mong tandaan na magkakaiba man tayo pwede naman tayong maging magkaibigan," ang singit ng masayahing si Jenny.*

*"Yes, ma'am," sumaludo ang pilyong si Jack habang nakangiti sa kanyang bagong mga kaibigan.*

Ring…ring…ringgggg!

**Pagsusuri: Tanungin ang mga mag-aaral ng mga sumusunod na tanong.**

1. Ano ang naramdaman mo sa ating pinag-aralang kwento?
2. Bakit malungkot at kinakabahan si Wahida nuong unang araw ng pasukan?
3. Kung ikaw si Jenny, makikipagkaibigan ka ba kay Wahida? Bakit?
4. Ilarawan ang katangian ng mga tauhan ng kwento. Anu-ano ang mga katangian nila na nagustuhan nyo?
5. Ano ang iyong natutunan tungkol sa pakikipagkaibigan?
6. Ano ang iyong palagay at damdamin sa mga Muslim? Ano ang naririnig nyo tungkol sa kanila?

**Paghahalaw:**

Sa pamamagitan ng malayang talakayan, subukang pagtibayin ang pananaw ng mga bata na hindi hadlang ang ating pagkakaiba upang tayo ay magkaisa. Alamin ang pagkakakilala ng mga bata tungkol sa mga Muslim at mga katutubo at linawin ang mga maling kaisipan ukol sa mga ito.

Alamin din ang opinyon ng mga bata kung ano ang hadlang o balakid sa kapayapaan

**Paglalapat:**

Ikapit sa blackboard ang drawing ng isang puno. Ihalintulad ang puno sa paaralan, bahay, o pamayanan. Magiging mabunga ito at masagana kung ang mga tao ay nagkakaisa.

Bigyan ang bawat mag-aaral ng cut-out na prutas. Dito nila isusulat ang kanilang mga saloobin kung paano sila makakatulong na itaguyod ang kapayapaan (sa paaralan, sa bahay, sa pamayanan). Magsulat lang ng isa na kaya nilang gawin.

Habang nagsusulat ang mga bata at ikinakapit ang kanilang prutas sa puno, magpatugtog ng awiting pangkapayapaan o anumang reflective song.

Pagkatapos ng gawain, pasalamatan ang mga bata. Bumuo ng isang malaking bilog at sabay-sabay na bigkasin ang *Panata (Pledge) ng isang Young Peace Advocate* at manalangin para sa kapayapaan.

***Panata ng isang Young Peace Advocate***

*Ako si ________________ ay naniniwala na nilikha akong mabuti ng Diyos. Marami akong magandang katangian ngunit dahil ako ay espesyal, hindi lahat ng kung ano ako ay gayun din ang iba. Dahil dito, maaring may pagkakataon na hindi ako maintindihan o matanggap ng iba. Gayundin, hindi rin sa lahat ng pagkakataon ay magugustuhan ko ang aking kapwa.*

*Ngunit dahil ako ay nilikhang mabuti ng Diyos, sisikapin ko na unawain ang aking kapwa. Magiging bukas ako sa pakikipag-usap at hindi makikipag-away. Mamahalin ko ang aking pamilya at mga kaibigan at magiging mapagpatawad sa iba.*

*Ako ay isang peace advocate. Sa aming tahanan, paaralan, at pamayanan, ako ay tutulong upang panatiliin ang kaayusan at kapayapaan pagka't may magagawa ako para maging mapayapa ang Pilipinas!*

(Enclosure No. 2 to DepED Memorandum No. 388, s. 2009)




## KWENTONG PANGKAPAYAPAAN:

*"Mga kwentong binasa mo natutunan ng puso."*

***Nationwide Storytelling for Peace***

September 28, 2009

**Iminumungkahing Aralin**: FILIPINO (Pagbasa) o Values Education

**Angkop sa Baitang** : 3-4 (maari ding Baitang 5-6)

**Mensahe ng Kwento**:

- Hindi natin maiiwasan na may mga bagay na 'di tayo magugustuhan sa ating kapwa o kahit sa ating mga kaibigan o kapatid. Ito ay dahil sa nilikha tayo na magkakaiba.
- Dahil nilikha tayo at pinalaking magkakaiba, mas makakabuti kung susubukan nating mas kilalanin ang ating kapwa ng atin silang mas maunawaan.
- Walang maidudulot na mabuti ang pakikipag-away. Ang nararapat ay pag-usapan ang problema ng makahanap ng solusyon na 'di kailangang gamitan ng dahas.
- Ang pagpapatawad ay susi sa kapayapaan.
- Lahat tayo kayang-kayang maging peacemaker at peacebuilder.

**Layunin**:

- Tulungan ang mga bata na pahalagahan ang mga pamamaraang mapayapa sa paglutas ng mga 'di pagkakaunawaan o samaan ng loob.
- Tulungan ang mga bata maging bukas ang pag-iisip sa pagiging iba-iba ng mga tao ng kanilang maunawaan na hindi hadlang ang pagkakaiba upang magkasundo ang lahat. Ipakita sa kanila ang kagandahan ng pagkilala sa mga bagay nagbubuklod (similarities that bind) sa halip na iyong pagkakaiba.
- Kilalanin ng mga bata ang kanilang mga kayang gawin upang itaguyod ang kapayapaan.

Kagamitan : Kwentong pangkapayapaan
(maaring gamitin ang kwentong, **Ang Dalawang Haring Siga** o anumang kwentong angkop.)

**Pamamaraan**:
Ihanda ang mga bata sa babasahing kwento. Kung gagamitin ang kwento ng *Ang Dalawang Haring Siga* ito ang mga maaaring itanong sa mga bata:

- Sino-sino ang may kasama sa kanilang bahay na lolo?
- Anu-anong ugali ng inyong lolo ang inyong gusto?

Pagkatapos magsalita ng ilang bata, sabihin sa mga bata na ang kwentong babasahin sa araw na ito ay tungkol sa dalawang lolo na mapagmahal sa kanilang mga apo ngunit and dalawa ay hindi magkasundo.

# ANG DALAWANG HARING SIGA

Kwento ni **Rene O. Villanueva**
Inilathala ng **United Nations Children's Fund (UNICEF)**
Isinaayos para sa UNICEF ng **Tahanan Pacific, Inc.**
Binuo ang lesson plan ng **Office of the Presidential Adviser on the Peace Process**

Noong unang panahon, may dalawang haring siga. Sa hilaga ang kaharian ng Haring Emong. Sa timog naman, ang kay Haring Porong.

Matagal nang magkaaway ang dalawa. Malakas maghilik si Haring Emong. Dugundong ang dighay ni Haring Porong. Inis na ini sila sa isa't isa dahil nagu-gulat ang mga apo nila. Kaya nagpasyang mag-giyera ang dalawa.

"*Mas mabuting pag-usapan ang problema,*" sabi ng tagapayo nila.

Pero hindi nakinig ang dalawang maton sa kahit kanino.

"*UBUSAN NG LAHI!*" hamon ni Haring Emong.

"*HANGGANG SA HULING PATAK NG DUGO!*" suntok ni Haring Porong.

Nilusob ng armada ni Haring Emong ang kaharian sa timog. Sinalakay ng hukbo ni Haring Porong ang kaharian sa hilaga.

Libo-libo ang napinsala at nasaktan. Maraming buhay at gusali ang nagkasira-sira. Maraming lugar ang nagkagiba-giba.

"*Pag-usapan ninyo ang problema,*" payo ng marami sa dalawang hari. Pero parang wala silang narinig. Nagpatuloy ang kanilang giyera.

KANYON! Kabi-kabila. BOMBA! Araw-gabi, walang sawa.

Ang digmaan ay tumagal nang tumagal. Bumilang ng buwan at mga taon. Walang nananalo; wala ring natatalo. Ang timog at ang hilaga pareho lamang nalulumpo!

Habang ang dalawang hari ay patanda nang patanda, ang mga apo nila'y lumaking magkababata at magkaibigan kahit walang hinto ang laban.

Walang tigil ang labanan. Giyera'y walang katapusan.

Hanggang isang araw, hindi na nakatiis ang mga apo-sa-tuhod ng dalawang siga.

"*Lolo, itigil n'yo na po ang digmaan. Sa ubusan po ng lahi, walang matitira sa atin. Lahat tayo'y masasawi.*'

Parang natauhan sa narinig ang mga ulyaning siga. Parang biglang sinumpong ng rayuma't hika.

At dahil ang dalawa ay parehong mapagmahal sa mga apo, pumayag silang magharap at mag-usap.

"*Sa lakas ng hilik mo, naiistorbo ang mga apo ko!*"

"*Sa lakas ng dighay mo, nagugulat ang mga apo ko!*"

"*Hindi naman po,*" sagot ng mga apo.

Nagkasundo ang dalawang lolo na tapusin na ang kanilang gulo, alang-alang sa kanilang mga apo. At alang-alang sa lahat ng bata, pumirma sila sa kasunduan ng kapayapaan.

Magmula noon, natahimik ang hilaga at timog. Ang dalawang bayan ay naging payapa. Nakapagtayo ng mga paaralan at negosyo. Umunlad ang dalawang bayan at ang dalawang hari, di maawat-awat sa pag-alaga sa kanilang sangkaterbang apo!

*(may pahintulot mula sa UNICEF na gamitin para sa Kwentong Pangkapayapaan ng DepEd at OPAPP)*

**Pagsusuri: Tanungin ang mga mag-aaral ng mga sumusunod na tanong (guide questions)**

**Processing Part 1:**

1. **Ano ang naramdaman nyo sa ating pinag-aralang kwento?**
2. **Ano ang pangalan ng dalawang haring siga?**
   (Si Haring Elmo at Haring Porong)
3. **Ano ang dahilan kung bakit sila nag-away?**
   (Naiinis sila sa isa't-isa dahil malakas humilik si Haring Emong, malakas naman dumighay si Haring Porong, kaya nagigising ang mga apo nila.)
4. **Ano ang payo ng marami sa kanila nung nag-umpisa silang mag-away?**
   (na pag-usapan nila ang kanilang problema)
5. **Paano nagkabati ang dalawang haring siga?**
   (nakiusap ang kanilang mga apo na magbati na sila)
6. **Paano nagkabati ang dalawang haring siga? Sino ang tumulong upang makita nila na walang patutunguhan ang kanilang away?**
   (Pinagbati sila ng kanilang mga apo at sila ay lumagda ng kasunduan na di na muling makikipagdigmaan.)

**Processing Part 2: deepening & lessons learned**

1. **Bakit ba ayaw nilang magbati?**
   (Dahil ma-pride sila; ayaw nilang tanggaping
   mali sila, kaya ayaw din nila magpatawad)
2. **Sa tingin nyo ba, mali ba ang naramdamang pagkainis ng dalawang haring siga sa isa't-isa?**
   (Hindi naman mali ang makaramdam ng pagka-inis. Natural lang 'yon dahil iba-iba naman tayo. Pero dapat tayong matutong umunawa.)
3. **Mali ba ang naging paraan nila ng pagpapakita ng inis o galit? Ano ang naging epekto ng kanilang ginawa?**
   (Oo. Dahil dahas ang ginamit nila upang ipakita ang galit nila, pero hindi naman nila nalutas ang kanilang problema. Marami pa ang nasaktan sa kanilang ginawang pakikipag-away.)
4. **Ano ang dapat nilang ginawa kung meron silang hindi nagugustuhan sa inaasal ng bawat isa?**
   (Dapat silang nag-usap ng makabuo sila ng solusyon sa kanilang problema.)

**Paghahalaw at Paglalapat:**

Sa pamamagitan ng malayang talakayan, subukang palawakin ang kaisipan ng mga bata sa mga iba pang paraan ng paglutas sa mga problema o samaan ng loob ng hindi gumagamit ng dahas (mapayapang pamamaraan) at mga bagay na maarin nilang gawin upang itaguyod ang kapayapaan.

Maaring gamitin ang mga sumusunod na katanungan sa talakayan:

1. Ano ang pakiramdam kapag wala kang kaaway o kasamaan ng loob?

2. Ano ang pwede mong gawin kapag may tao na hindi mo makasundo?

3. Ano (sa pananaw ng mga bata) ang balakid o hadlang sa kapayapaan?
4. Paano ka makakatulong upang ang kapayapaan ay mapanatili sa inyong tahanan, sa eskwelahan, sa inyong lugar?

Pagkatapos ng talakayan, pasalamatan ang mga bata. Bumuo ng isang malaking bilog at sabay-sabay na bigkasin ang *Panata (Pledge) ng isang Young Peace Advocate* at manalangin para sa kapayapaan.

***Panata ng isang Young Peace Advocate***

*Ako si ________________ ay naniniwala na nilikha akong mabuti ng Diyos. Marami akong magandang katangian ngunit dahil ako ay espesyal, hindi lahat ng kung ano ako ay gayun din ang iba. Dahil dito, maaring may pagkakataon na hindi ako maintindihan o matanggap ng iba. Gayundin, hindi rin sa lahat ng pagkakataon ay magugustuhan ko ang aking kapwa.*

*Ngunit dahil ako ay nilikhang mabuti ng Diyos, sisikapin ko na unawain ang aking kapwa. Magiging bukas ako sa pakikipag-usap at hindi makikipag-away. Mamahalin ko ang aking pamilya at mga kaibigan at magiging mapagpatawad sa iba.*

*Ako ay isang peace advocate. Sa aming tahanan, paaralan, at pamayanan, ako ay tutulong upang panatiliin ang kaayusan at kapayapaan pagka't may magagawa ako para maging mapayapa ang Pilipinas!*

(Enclosure No. 3 to DepED Memorandum No. 388, s. 2009)




**KWENTONG PANGKAPAYAPAAN:**

*"Mga kwentong binasa mo natutunan ng puso."*

***Nationwide Storytelling for Peace***

September 28, 2009

**Suggested Subject**: English (Reading), Values Education, Religion, Social Studies

**Appropriate for Grade Level:** 3-6

**Message of the Story**:

- Conflict cannot be avoided because of our innate differences as unique individuals and people of different cultures and experiences. However, violence can be avoided. It is the worst response to conflict.
- Violence will not resolve conflict; it will only aggravate it. There are other peaceful ways of resolving conflict such as dialogue.
- Too much pride gets in the way of peace.
- Humility to accept our weaknesses and the kindness to accept our differences are values that we must learn to be able to forgive and make peace.
- All of us can be a peacemaker and peacebuilder.

**Objectives**:

- Create awareness and build appreciation of children on peaceful ways of resolving conflict.
- Encourage students to express their thoughts on their concepts and issues relating to building peace and build their confidence on how they can be peace advocates and peacebuilders.

**Materials**:

Story on peace (may use the English translation of, **Ang Dalawang Haring Siga** or any peace-related stories)

**Mechanics**:

Prepare the students for the storytelling session. If the class will use the suggested story, the following may be the opening questions to build interest about the story to be told:

- Who among you lives with your grandfather?
- What characteristics of your grandfather do you like?

After some students have responded to the opening questions, tell the students that the story that will be read today will be about two royal grandfathers who love their grandchildren so much but they are at

odds with each other. How the war between their two kingdoms began and how they resolved it will be told in the story.

****** for older students, the story may be presented as a role play by selected students (with narration, in keeping with the storytelling concept)***

## THE TWO KINGS WHO WERE TOO PROUD

***Ang Dalawang Haring Siga***

(How Pride Can Start a War... and How Forgiveness Can End It)

Story by **Rene O. Villanueva**
Published by the **United Nations Children's Fund (UNICEF)**
Arranged for UNICEF by **Tahanan Pacific, Inc.**
Sample lesson plan by the **Office of the Presidential Adviser on the Peace Process**

Once there lived two kings who valued their pride more than all the jewels in their kingdom. To the North lay the kingdom of King Emong. To the South was the kingdom of King Porong. Although they were neighbors, they were not all neighborly with each other. For as long as people could remember, the two kingdoms were deadlocked in a very silly war. Both kings were too proud to call it quits.

What started the fighting? Noise. King Emong had a thunderous snore. King Porong had a horrible burp. Each thought the other's habit offensive to their grandchildren. So they started a war.

No amount of pleading could make the two kings agree to end the war. Night and day the bombs exploded and the canons boomed. "Fight to the last drop of blood!" King Porong rallied his men.

While the two kings age, their grandchildren grew up as friends even if the two kingdoms continue to rage war against each other. Thousands died in battle. Whole villages were destroyed. Months turned into years. The war dragged on. No one was winning. No one was losing.

Until one day, a royal grandchild said, "Grandfather, stop this war. Or we'll end up killing everybody till there's no one left."

"Your snoring keeps my grandchildren up all night!" King Porong accused his neighbor king.

"Well, if you stopped burping maybe we'd get some peace and quiet around here," King Emong shot back.

"NOT TRUE!" yelled the children to both their grandparents. They thought it was such a silly idea to start a war.

For the sake of the children, the two kings made up with each other. They even signed a treaty never to wage war again. From that day forth peace settled over North and South. The two kingdoms prospered as the two kings busied themselves with rebuilding their nations, not to mention raising a ton of grandchildren.

**The following questions may be used to process the lessons of the story:**

**Processing:**

1. **How did you feel while listening to the story?**
2. **What were the reasons of the two kings for justifying the war that they started?**
   (Noise; They were annoyed with each other because of the loud snore of King Emong and the loud burp of King Porong which they think disturb their grandchildren.)
3. **What was the advice of others to the two kings?**
   (that they talk and discuss their problem with each other)
4. **Why can't the two kings reconcile?**
   (They were too proud to acknowledge that they are less perfect, that their behavior could be annoying to anybody. They also refuse to forgive so the war continued in spite of the great damage that it brought to the two kingdoms.)
5. **What could they have done to avoid raging war?**
6. **How did the two kings patch up their differences?**
   (their grandchildren pleaded for the two kings to stop the war)

**Reflection and Application:**

Draw from the students their insights on peaceful ways of resolving conflict and their commitments on how to promote peace at home, in school and in the community where they belong.

After the discussion, thank the students for their insights. Form a big circle and lead them in reciting the *Pledge of a Young Peace Advocate* and pray for peace.

*** Optional for older students: Through a participative discussion, explore with the students their different biases/prejudices (an opinion/judgment about other people that are without the benefit of facts; labels we use which have no basis) against other people and ask them how these biases/prejudices get in the way of creating positive relationships. Facilitate the discussion to allow the students to realize what was wrong with these biases/prejudices.

***Panata ng isang Peace Advocate***

*Ako si ________________ ay naniniwala na nilikha akong mabuti ng Diyos. Marami akong magandang katangian ngunit dahil ako ay espesyal, hindi lahat ng kung ano ako ay gayun din ang iba. Dahil dito, maaring may pagkakataon na hindi ako maintindihan o matanggap ng iba. Gayundin, hindi rin sa lahat ng pagkakataon ay magugustuhan ko ang aking kapwa.*

*Ngunit dahil ako ay nilikhang mabuti ng Diyos, sisikapin ko na unawain ang aking kapwa. Magiging bukas ako sa pakikipag-usap at hindi makikipag-away. Mamahalin ko ang aking pamilya at mga kaibigan at magiging mapagpatawad sa iba.*

*Ako ay isang peace advocate. Sa aming tahanan, paaralan, at pamayanan, ako ay tutulong upang panatiliin ang kaayusan at kapayapaan pagka't may magagawa ako para maging mapayapa ang Pilipinas!*

(Enclosure No. 4 to DepED Memorandum No. 388, s. 2009)



## KWENTONG PANGKAPAYAPAAN:

*"Mga kwentong binasa mo natutunan ng puso."*

***Nationwide Storytelling for Peace***

September 28, 2009

Aralin : FILIPINO (Pagbasa)

Baitang : 1-2

Mensahe : Mga katangian ng mabuting magkapatid: nagtutulungan, nagbibigayan, nag-uunawaan at nagpapatawad.

Makakamit ang kapayapaan at katahimikan kung ang magkapatid ay nagbibigayan

Layunin : Napapahalagahan ang mga pangangailangan ng bawat miyembro ng pamilya.

Kagamitan : Kwentong Ang Makapatid

## Ang Magkapatid

Araw ng Sabado. Ang magkapatid na [Ana] at [Allen] ay nasa [bahay] Nasa [sala] sila at [nagbabasa (ng aklat)]. Napatingin si [Ana] sa [wall clock]

"Naku [wall clock showing 10:30] oras na ng paborito kong programa. Manonood na ako. "masayang wika ni [Ana]

"Ate, may panonoorin ako," tutol ni [Allen]

"Ano? Tumigil ka nga. Ako ang manonod ngayon. Maganda yata ang programa ngayon," wika ni [Ana]

"Ate naman, inaabangan ko nga ang palabas na yon. Basta ako ang manonood," pilit ni [Allen]

"Huwag kang makulit. Ako ang manonod," matigas na wika ni [Ana] sabay bukas ng [T.V.]

"Kakainis ka, talaga, Ate. Kakainis ka!" sigaw ni [Allen]

"Hay , naku, Allen ayaw kong makipag away sa iyo. Ayoko ng gulo. Panonood lang sa T.V. magkakagalit pa tayo. Sige na nga. Ikaw na ang manood. Doon na lang ako sa [bedroom] ko. Magbabasa na lang ako ng aklat. Pero sa susunod ako naman , ha? Di maaari na ikaw na lang lagi ang masusunod. Bigayan tayo para hindi tayo mag-away. Ikaw ngayon ang nasunod. Ako naman sa susunod. Diyan ka na nga," wika ni [Ana]

"Oo. Salamat,ate. Ang bait mo," nakangiting wika ni [Allen]

Isinulat ni :
Ofelia H. Eustaquio
E P S II

(Enclosure No. 5 to DepED Memorandum No. 388, s. 2009)




**KWENTONG PANGKAPAYAPAAN:**

*"Mga kwentong binasa mo natutunan ng puso."*

***Nationwide Storytelling for Peace***

September 28, 2009

## ACTIVITY REPORT

Name of School: ______________________________ Division: ____________

Stories Read and Subjects: ________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

| Mga natutunan ng mga mag-aaral sa Kwentong Pangkapayapaan*: |
|---|
| |

* *Can be a direct quote with name and age of kid*

| Anu-ano ang mga hadlang/balakid sa kapayapaan ayon sa mga bata*: |
|---|
| |

* *Can be a direct quote with name and age of kid*




**KWENTONG PANGKAPAYAPAAN:**

*"Mga kwentong binasa mo natutunan ng puso."*

***Nationwide Storytelling for Peace***

September 28, 2009

**Anu-ano para sa mga bata ang maari nilang gawin upang itaguyod ang kapayapaan?***

** Can be a direct quote with name and age of kid*

**Reflections/Comments/Suggestions of Teachers/Principal:**

**** Please attach pictures (if there are any) taken during the activity*

**Prepared by:**